



ANG UNANG LIHAM NI JUAN – na hindi maaaring ihiwalay sa kanyang Ebanghelyo – ay nagpapagunita sa atin na ang daang-Kristiyano ang daan ng ating pagtamo ng pagka-Diyos. Makatutulong ang paninindigang ito sa marami na nag-aalinlangan. Bilang halimbawa, nagpaliwanag ang isang kabataan sa unibersidad kung paano siya napabayaan ng Kristiyanong paniniwala at naging militanteng marksista: "Gusto kong *ibigin* ang aking mga kasama sa mas mabisang paraan."

Sinabi naman ng isa pa: "Tinutulungan ng pananampalataya ang hindi pa nakapagtatamo ng *tunay na pananaw sa mga bagay-bagay* na ipinagkakaloob sa atin ng makabagong siyensiya."

Nais ng isa pang malampasan ang mga mapanlinlang na kasiyahan sa buhay at *makipag-isa sa kawalang-hanggan* sa mga doktrinang silanganin.

Waring sinasabi ng tatlong halimbawang ito na gaano man kaganda at kagalang-galang ang pananampalataya, limitado ito, at mayroong nasa isang tao na hindi natutugunan ni Kristo. Sa kabaligtaran nito, pinatitibayan ni Juan sa unang liham na ito: sa pagtatamo sa Anak ng Diyos, nasa ganap kang Katotohanan, lumalakad ka sa tunay na Pag-ibig, nakikipagkaisa ka sa mismong Diyos.

Gayunman, baka natin nililinlang ang ating sarili kapag nagpapanggap tayong pinupuspos ni Kristo. At ito ang dahilan kung bakit sinasabi ni Juan kung paano natin mapatutunayan na lumalakad tayo sa kaliwanagan at namumuhay sa Pag-ibig.

– Kay Kristo ay nakikilala natin ang mismong Diyos; gayunman dapat nating laging alalahanin at isaloob ang kanyang mga gawa, ang kanyang misyon, at ang daan ng kanyang pagiging tao.

– Naniniwala tayong muli tayong isinilang mula sa Diyos: hindi iyon nangangahulugan na nakapangingibabaw tayo sa kanyang mga utos, o maaari nating kaligtaan ang pang-araw-araw na tungkulin upang maging karapat-dapat sa kanya.

– Binago ng pananampalataya ang ating kaalaman tungkol sa Diyos. Ngunit lalong mahalaga pa ang pag-unawa sa kanyang pag-ibig, at tungo riyan, wala nang hihigit pang aral kaysa aral ng krus.

**1** • 1 Ang mula pa sa simula, ang aming
narinig, ang aming nakita ng aming
mga mata, ang aming namasdan, at
nahipo ng aming mga kamay – tungkol ito
sa Salitang-Wika na siyang Buhay.

2 Ibinunyag nga ang Buhay mismo; na-
kita namin at pinatutunayan namin ang
Buhay na magpakailanman, siya na ka-
harap ng Ama at napakita sa amin.

3 Kaya ipinahahayag namin sa inyo ang
aming nakita at aming narinig upang ma-
kaisa namin kayo; kaisa nga kami ng A-
ma at ng Anak na si Jesucristo.

4 At sinusulat namin ito upang malubos
ang ating kagalakan.

**Lumakad sa liwanag**

• 5 Ito ang pahayag na aming narinig sa
kanya at ipinahayag namin sa inyo: ang
Diyos ay liwanag at karimlan sa kanya'y
wala ni anuman.

6 Kung sinasabi nating kaisa niya tayo
at sa karimlan naman tayo lumalakad,
nagsisinungaling tayo at hindi natin isina-
sagawa ang katotohanan. 7 Ngunit kung
sa liwanag tayo lumalakad gaya ng siya
ay nasa liwanag, may pagkakaisa tayo sa
isa't isa at ang dugo ni Jesus, ang kan-
yang Anak, ang lumilinis sa atin sa lahat
ng kasalanan.

8 Kung sinasabi natin na wala tayong
kasalanan, sarili natin ang ating nililinlang
at ang katotohana'y wala sa atin. 9 Kung
inaamin natin ang ating mga kasalanan,
matapat siya at matuwid upang patawarin
tayo sa mga kasalanan at linisin tayo sa
lahat ng kabaluktutan.

10 Kung sinasabi natin na di tayo nagka-
kasala, ginagawa natin siyang sinungaling
at ang salita niya'y wala sa atin.

**Tuparin ang utos ng pag-ibig**

**2** • 1 Mga munti kong anak, isinusulat
ko sa inyo ang mga ito upang hindi
kayo magkasala. Ngunit kung may mag-
kasala, mayroon tayong Tagapagtanggol
na kaharap ng Ama, si Jesucristong ma-
tuwid 2 at siyang hain para sa ating mga
kasalanan, hindi para sa atin lamang kun-
di para sa buong mundo.

---

**1.**1 Hindi tatalakay si Juan sa mga himala, o pahayag o mga lihim na iniingatan ng ilang sanay. Higit na payak ang katotohanang isinasalaysay niya at higit na pan-Diyos din kaysa lahat ng ito: lumapit ang Diyos, dumating ang Walang-hanggang Buhay upang mamuhay na kasama ng tao. *Ang sinalitang wika:* tingnan ang Juan 1:1.

Nalantad ang *Buhay*. Huwag kayong maghanap ng mga himala at kapangyarihan. Huwag kayong umasa sa kahanga-hangang mga pahayag tungkol sa ibang daigdig. Isiniwalat ang buhay bilang kaloob mula sa Ama, ang muling pagsilang ng taong walang pag-asa, ang maka-Diyos na ngiti, ang hindi inaasahang pagdalaw ng naghahangad na ihati ang kanyang buhay sa mga tao (Kas 8:31). Hindi natin matatagpuan ang buhay sa mga aklat lamang, ngunit sa pamamagitan ng pakikipag-isa sa mga nakasaksi na at nakaranas niyon nang una sa atin, at naging Iglesya ni Kristo.

• 5. *Mamuhay sa liwanag:* ito ang buhay-Kristiyano.

Sa ibabaw at sa kabila ng iba-ibang katotohanan na natuklasan ng tao, may liwanag na siyang kabuuang Katotohanan at hindi mahahati: ang isang tao ay nasa, o wala sa, kaliwanagan. Hindi ito nangyayari sa isip lamang; ang kabuuan ng tao ang *gumagawa, nabubuhay, lumalakad* sa Kaliwanagan. Binibigyan tayo ng liwanag ng pananampalataya at inilalayo tayo sa maraming sagabal:

– Ang limitadong pananaw ng taong walang-pananampalataya. Hindi niya pagkakasunduin ang iba-ibang kahalagahan: halimbawa, sa paghanap ng kaayusan, kinaliligtaan niya ang lunggati sa katarungan; o sa pakikipagtunggali para sa katarungan, tinutuntungan niya ang karapatan ng kanyang kalaban.

– Ang pagkabalisa ng taong walang layunin; pinatatahimik ang sariling mga alinlangan sa pagkilos nang walang habas.

– Ang sektaryanismo na humahadlang sa atin upang maging "panlahat na kapatid."

Natututuhan natin sa Iglesya ang panlahat na pananaw ng kabuuan ng tao. Isa ito sa mga kayamanan na kailangang ibahagi ng mga Kristiyano – sa kanilang mga kababayan.

Ang unang pamantayan upang matiyak kung *namumuhay tayo sa liwanag:* tumalikod ba tayo sa kasalanan? Upang maunawaan ang talatang ito, dapat nating malaman na sinasalungat ni Juan ang ilang "bulaan o huwad na propeta": "Sapagkat mga Kristiyano tayo, na nananatiling nakikipagkaisa sa Diyos, kaya nga hindi mahalaga ang mga kasalanan ng katawan." Ipinahayag ni Juan, na kapag pinili natin ang Diyos, hindi na tayo maaaring magpatuloy na sumusuko sa kasalanan. Malinaw na walang taong

3 At ganito nalalaman na kilala natin
siya: kung tinutupad natin ang kanyang
mga utos.

4 Ang nagsasabing “Kilala ko siya” at
hindi naman tumutupad sa kanyang mga
utos ay sinungaling at sa kanya, ang ka-
totohana’y wala. 5 Ngunit sinumang tu-
mutupad sa kanyang salita, sa kanya to-
toong naging ganap ang pagmamahal ng
Diyos.

Ganito natin nalalaman na nasa kanya
tayo: 6 ang nagsasabing sa kanya siya na-
mamalagi ay dapat na lumakad gaya ng
kanyang paglakad.

7 Mga minamahal, hindi bagong utos
ang isinusulat ko sa inyo kundi utos na
dati na, na nasa inyo na sa simula pa –
ang salitang narinig n’yo ang dati nang
utos.

8 Ngunit bago ring utos ang isinusulat
ko sa inyo, na totoo sa kanya at sa inyo,
pagkat lumilipas na ang karimlan at nag-
niningning na ang totoong liwanag.

9 Ang nagsasabing nasa liwanag at na-
popoot naman sa kanyang kapatid ay na-
sa karimlan pa rin hanggang ngayon.

10 Sa liwanag namamalagi ang nagma-
mahal sa kanyang kapatid at sa kanya’y
walang ikatitisod. 11 Nasa karimlan naman
ang napopoot sa kanyang kapatid at sa
karimlan lumalakad at hindi alam kung
saan siya papunta pagkat binulag ng ka-
rimlan ang kanyang mga mata.

12 Sumusulat ako sa inyo, mga munting
anak, pagkat sa kanyang Pangalan, pina-
tawad na kayo sa mga kasalanan. 13 Su-
musulat ako sa inyo, mga ama, pagkat
kilala na ninyo siyang mula pa sa simula.
Sumusulat ako sa inyo, mga kabataan,
pagkat napagtagumpayan ninyo ang
Masama.

14 Sumulat ako sa inyo, mga munting
anak, pagkat kilala na ninyo ang Ama.
Sumulat ako sa inyo, mga ama, pagkat
kilala na ninyo siyang mula pa sa simula.
Sumulat ako sa inyo, mga kabataan, pag-
kat malakas kayo at sa inyo namamalagi
ang Salita ng Diyos at napagtagumpayan
nga ninyo ang Masama.

• 15 Huwag n’yong mahalin ang mundo
ni tanang makamundo. Kung may nag-
mamahal sa mundo, wala sa kanya ang
pagmamahal ng Ama.

16 Pagkat sa mundo galing lahat ng
makamundo: ang pagnanasa ng laman at
ang pagnanasa ng mga mata at ang pag-
mamalaki sa buhay. Hindi nga galing sa
Ama ang mga ito kundi sa mundo.

17 At lumilipas ang mundo at ang pag-
nanasa nito ngunit namamalagi magpa-

---

walang kasalanan: kailangan nating lahat ang pagtubos ni Kristo; ngunit ang kapatawaran mismo ang pumipilit sa atin na lumayo sa kasalanan.

Inaanyayahan tayo ni Juan na *aminin ang ating mga kasalanan* sa Diyos, na ang ibig sabihin, ay aminin nating buong-kapakumbabaan sa harap ng Diyos, na nagkasala tayo, ngunit nagtitiwala tayo sa kanyang kabutihang-loob. Kapag wala ang ganitong damdamin, walang halaga ang “kumpisal.” Ngunit, sa kabilang dako, ang pangungumpisal ng ating kasalanan sa sakramento ng pagpipenitensiya ay malaki ang maitutulong sa pagbubukas ng ating puso sa Diyos.

• **2.**1 Ang pangalawang pamantayan ng ating pag-ibig sa Diyos: ang pagtalima sa mga utos na ang buod ay pag-ibig. Maaari kaya na nagpapanggap tayong *kilala natin ang Diyos* at tayo ay mananampalataya? Kailangang masukat iyon sa ating pag-ibig sa iba. Isang *dating utos,* ang unang natutuhan natin sa Iglesya: isang *bagong utos,* sapagkat laging kailangang tuklasin ng daigdig ang mga bagong pamamaraan sa kapangyarihan ng pag-ibig.

• 15. Ang pangatlong pamantayan: huwag ibigin ang mundo. Bigyang-pansin kung paanong nagsimula si Juan sa pamamagitan ng pakikigalak sa kanyang mga mambabasa sapagkat *kilala nila ang Ama.* Hindi iyon ang pagkamuhi sa sanlibutan na sinagip ni Kristo sa kanyang pagdating (tingnan ang komentaryo ng Juan 3:17). Ngunit kailangang mulat tayo sa katotohanang may daloy ng kasamaan mula sa *diyablo* sa sanlibutan. Ayon kay Juan sa talatang ito, *ang mundo* ang mapanlinlang na buhay na ginagalawan ng mga tao kapag hindi na sila naghahanap sa kalooban ng ama, at tumututol kay Kristo. Dalawang magkalabang lakas ang nasa ating mundo at sa mga tao: mula sa Ama ang isa at magpasa-walang hanggan; binubuo naman ang isa ng anumang binabalak at hinahangad ng tao

kailanman ang gumagawa sa kalooban
ng Diyos.

**Itakwil ang antikristo**

• 18 Mga munting anak, huling oras na
at gaya ng inyong narinig na dumarating
ang antikristo, marami na ngang antikris-
to ngayon kayat alam natin na huling oras
na.
19 Lumabas sila mula sa atin pero hindi
sila kabilang sa atin. Dahil kung kabilang
sila sa atin, namalagi sana silang kasama
natin, ngunit iyo'y upang malantad na
hindi lahat ay kabilang sa atin.
20 At pagpapahid mula sa Banal ang
meron kayo at alam n'yong lahat ang
totoo.
21 Sumulat ako sa inyo hindi dahil di
n'yo alam ang katotohanan kundi dahil
alam n'yo ito at dahil di galing sa katoto-
hanan ang tanang kasinungalingan.
22 Sino ang sinungaling kundi ang nag-
tatatwa na si Jesus ang Kristo?
Ito ang antikristo: ang nagtatatwa sa
Ama at sa Anak. 23 Wala rin ang Ama sa
sinumang nagtatatwa sa Anak; nasa ku-
mikilala naman sa Anak ang Ama.
24 Pamalagiin sa inyo ang narinig ninyo
sa simula. Kung namamalagi sa inyo ang
narinig ninyo sa simula, mamamalagi rin
kayo sa Anak at sa Ama. 25 At ito ang
pangakong binitawan niya sa atin: ang
buhay na magpakailanman.
26 Ang mga ito ang isinulat ko sa inyo
tungkol sa mga nagbabalak magligaw sa
inyo.
27 Namamalagi naman sa inyo ang pag-
papahid na tinanggap n'yo sa kanya at
hindi n'yo kailangan na may magturo sa
inyo. Ang pagpapahid niya ang nagtuturo
sa inyo ng lahat, at totoo ito at di kasinu-
ngalingan, kaya mamalagi kayo sa kanya
gaya ng pagtuturo niya sa inyo.
28 At ngayon, mga munting anak, ma-
malagi sa kanya upang sa pagbubunyag
niya, mapanatag tayo at di mapahiya sa
kanya sa pagdating niya.
29 Kung alam n'yo na matuwid siya, na-
uunawaan n'yo na tanang gumagawa ng
matuwid ay isinilang mula sa kanya.

---

kapag nalilimutan niya ang kanyang katayuan bilang anak ng Diyos: ang pagkagahaman at pag-ibig sa sarili ang umaakay sa kanya sa kamatayan.

Mayroon pang masasabi tungkol sa *hindi pagmamahal sa sanlibutan.* Mabuti talaga ang lahat ng nagmumula sa Diyos: ang sikat ng araw, pag-ibig, anumang nagiging bunga ng katalinuhan at kamay ng tao. Gayunpaman, walang katuturan ang kabuuang nilikha kung ihahambing natin sa Diyos.

Habang itinuturing natin ang mundo na dakilang kaloob sa atin ng Diyos at ipinalalagay nating may pananagutan tayo sa kanya dahil sa pag-unlad at pagkabuo nito, ang mundo ay makabubuti para sa atin. Ngunit sa sandaling ituring natin na ang sanlibutan ay ating pag-aari na pakikinabangan o kaliligtaan batay sa ating kapritso, o kung nagpapanggap tayo na mababago iyon nang nag-iisa at sa dahas, nagiging pinakamasamang kaaway natin ito, isang diyus-diyusan na aalipin sa atin at pagbubuhatan ng paglalaban. Itinatalaga ng mga Kristiyano ang kanilang sarili sa sanlibutan (sa unang kalagayan) ngunit hindi nakikipagkaisa sa sanlibutan (ikalawang kalagayan). Pinananatili nila ang kanilang kalayaan bilang mga anak ng Diyos; kung hindi, hindi na sila anak dahil sa kanilang pag-ibig sa sanlibutan.

• 18. Pang-apat na pamantayan: upang matiyak na lumalakad tayo sa Kaliwanagan, kailangang tanggihan natin ang Anti-kristo: kailangang maging matatag tayo sa pananampalataya at sa mga aral ng pananampalataya. Alam ng mga Kristiyano sa kapanahunan ni Juan na bago ang maluwalhating pagbabalik ni Kristo, lilitaw ang isang *Anti-kristo.* Sinasabi ni Juan: Nagawa nang antikristo ang taong itinatatwa na si Jesus ang Mesiyas, na nagkatawang-tao. At ngayon, marami tayong nakikilalang mga tao na may dalawang pagkakilala kay Jesus: sa isang dako, si Jesus na medyo galing sa alamat – na tiyak na isang "propeta" na talunan – at sa kabilang dako, isang makalangit na "Kristo" na sinasamba ng mga mananampalataya.

*Tinanggap ninyo ang pahid na buhat sa kanya.* Sinasabi ni Juan na may pahid tayong mga Kristiyano. Hindi niya tinutukoy ang pagpapahid ng langis lamang na ginagawa sa pagbibinyag at pagkukumpil. Ang "Kristo" ay nangangahulugan ngang "hinirang," hindi pinahiran ng langis, kundi ng Espiritu Santo ng Diyos, ang kanyang Ama. Sinasabi ni Juan: kailangang maturuan kayong mga Kristiyano, ngunit dapat kayong maging aktibo: kailangang masuri at maunawaan ninyo kung tama at seryoso ang pagtuturo sa inyo ng salita ng Diyos.

*Ang Paghirang (ang Espiritu) ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay.* Iniisip din ni Juan ang mga propeta na humihikayat at nagtuturo sa mga simbahan nang kapanahunang iyon: sa mga salita nila tinuruan

**3** • 1 Tingnan n'yo kung paano ang
pagmamahal na kaloob sa atin ng
Ama: tinatawag tayong mga anak ng Di-
yos at tayo nga. Kaya hindi tayo kilala ng
mundo dahil hindi siya nito kinilala.
2 Mga minamahal, ngayon, mga anak
tayo ng Diyos at di pa ibinubunyag kung
magiging ano tayo. Alam natin na sa pag-
bubunyag niya, magiging tulad niya tayo
pagkat mamamasdan natin siya kung
ano siya. 3 At nililinis ng tanang may
ganitong pag-asa ang sarili gaya ng siya
ay malinis.
4 Nilalabag ng sinumang gumagawa ng
kasalanan ang Batas; paglabag sa Batas
ang kasalanan. Alam n'yo na ibinunyag
siya upang alisin ang mga kasalanan at sa
kanya'y wala namang kasalanan. 6 Di
nagkakasala ang sinumang namamalagi
sa kanya; di naman siya nakita ni nakilala
ng sinumang nagkakasala.

• 7 Mga munting anak, huwag kayong
magpaligáw kaninuman. Matuwid ang gu-
magawa ng matuwid gaya ng siya ay ma-
tuwid. 8 Mula sa diyablo ang gumagawa ng
kasalanan pagkat sa simula pa'y nagka-
kasala ang diyablo. Kaya ibinunyag ang
Anak ng Diyos upang pawalang-bisa ang
mga gawa ng diyablo.
9 Di gumagawa ng kasalanan ang ta-
nang isinilang mula sa Diyos pagkat na-
mamalagi sa kanila ang kanyang binhi at
hindi sila magkakasala pagkat mula sa
Diyos sila isinilang.
10 Ganito nabubunyag ang mga anak ng
Diyos at ang mga anak ng diyablo: hindi
mula sa Diyos ang sinumang di gumaga-
wa ng matuwid at di nagmamahal sa kan-
yang kapatid.
11 Sapagkat ito ang pahayag na inyong
narinig sa simula pa: dapat tayong mag-
mahalan. 12 Hindi gaya ni Cain na mula sa
Masama; pinaslang niya ang kanyang ka-
patid. Para ano't pinaslang niya siya?

---

ng Espiritu ang pamayanan (tingnan ang Gawa 14:21 at 1 Tes 5:19). Ngayon, pinangangalagaan din tayo ng Espiritu sa katotohanan at itinuturo ang mga daan ng katotohanan sa mga nakikibahagi sa buhay ng Iglesya; ngunit huwag nating ipalagay na ituturo ng Espiritu ang lahat-lahat sa bawat isa nang isa-isa: mag-ingat sana ang bawat isa sa kanyang sariling inspirasyon kung hindi siya sanay tumalima!

• **3.**1 Dito nagsisimula ang ikalawang bahagi ng Liham: mga anak ng Diyos tayo, kaya nararapat na mamuhay tayo na tulad sa anak ng Diyos. Paano natin mapatutunayan na mga anak tayo ng Diyos? May bisa dito ang pamantayang nakita na natin: paglayo sa kasalanan, pagsunod sa utos ng pag-ibig, pag-iingat sa paniniwala. Tiyak na kung iniibig ng Diyos ang tao, ginawa itong anak; matindi ang dignidad ng tao. Ngunit tinatawag ni Juan ang ating pansin sa dalawang bagay:

– Mga anak nga kayo, ngunit upang maging tulad ng Diyos. Huwag kayong humanap ng anuman maliban sa maging ganap, tulad ng pagiging ganap ng Diyos.

– Mga anak kayo na babalik sa Ama. Dahil sa kamalayan nating ito, unawain natin na dinadalisay tayo ng Diyos sa sanlibong paraan, sapagkat kailangan ito para matamo natin ang ating layunin.

*Matutulad tayo sa kanya:* nakikibahagi sa lahat-lahat kung ano ang Diyos at sa anu't anuman ay nagiging Diyos, kaisa ng Diyos (tingnan ang 1 Cor 13:13). Ang mga nagtitiis sa kanilang buhay ng paghihirap kay Kristo ay magbabagong-anyo tulad niya (Mc 9; Col 3:4). Sa gayon, mararating ng sanlibutan ang layunin nito, na ang mga anak ng Diyos ang sentro nito (Rom 8:19) at magaganap ang Bagong Tao (Ef 4:13).

*Hindi nagkakasala ang mga isinilang ng Diyos* (9). Kalabisan ba ito? Hindi salita lamang ang pagiging mga anak ng Diyos: sadyang nakapagsimula na tayo sa isang buhay na katotohanan at pag-ibig. Hindi magagawa ng taong muling isinilang ang tunay na magkasala: ang kusang tumangging umibig o magpatawad o magpunyagi. Ngunit idinadalangin natin sa Ama: "Huwag mo kaming ipahintulot...

• 7. Ang pagsunod sa utos ng pag-ibig ang katangian ng mga anak ng Diyos.

Iniisip ng maraming tao na nahahati ang daigdig sa dalawang magkalabang panig. Nakikita ng ilan ang isang nang-aapi o inaapi sa bawat tao. Ang iba naman ay walang nakikilala kundi ang mga liberal at konserbador. Ang iba pa ay itim at puti. Sinasabi sa atin ni Juan kung alin ang hangganang humahati sa mga tao: ang mga umiibig at ang mga hindi umiibig. At dapat usigin ang mga Kristiyano dahil sa nasa kampo ng mga umiibig sila. Hindi maunawaan ng mga kasamahan at kababayan nila na hindi sila nakikibahagi sa pagkamuhi at sektaryanismo ng mga ito.

*Sinumang namumuhi sa kanyang kapatid ay isang kriminal.* Sa matinding poot nagmumula ang lahat ng pagpatay at masaker. Kapag winawasak ng digmaan ang isang bansa, bunga ito ng pagkamuhi ng maraming tao sa iba, at bunga rin ito sa pagtanggi ng higit na marami na lutasin ang mga problema at tensiyong panlipunan.

Pagkat masama ang kanyang mga gawa
at matuwid naman ang sa kanyang ka-
patid.
13 Kaya huwag kayong magtaka, mga
kapatid, kung napopoot sa inyo ang mun-
do. 14 Alam natin na tumawid na tayo sa
buhay mula sa kamatayan pagkat mi-
namahal natin ang mga kapatid. Sa
kamatayan namamalagi ang di nagma-
mahal.
15 Mamamatay-tao ang napopoot sa
kapatid at alam n'yo na di namamalagi sa
mamamatay-tao ang buhay na magpaka-
ilanman.
16 Ganito natin nalalaman ang pagma-
mahal: itinaya niya ang kanyang buhay
para sa atin. Kaya dapat din tayong mag-
taya ng buhay para sa mga kapatid.
17 Sa sinumang may kabuhayan sa
mundong ito at nagsasara naman ng
kanyang kalooban sa kanyang kapatid na
napansin niyang gipit, paano mamama-
lagi sa kanya ang pagmamahal ng Diyos?
18 Mga munting anak, magmahal tayo hin-
di sa salita ni sa ating mga labi kundi sa
gawa at sa katotohanan.
19 Ganito natin malalaman na mula tayo
sa katotohanan at harap niya'y mapapa-
natag ang puso natin: 20 kung inuusig tayo
ng ating puso, higit pa ang Diyos sa puso
natin at alam niya ang lahat.
21 Mga minamahal, kung hindi naman
nang-uusig ang puso, panatag tayo sa
harap ng Diyos 22 at tatanggapin natin
mula sa kanya anumang hingin natin pag-
kat tinutupad natin ang kanyang mga utos
at ginagawa ang mga nakalulugod sa
kanya.
23 Ito ang utos niya: manalig tayo sa
Ngalan ng Anak niyang si Jesucristo at
magmahalan gaya ng ibinigay niyang
utos sa atin.
24 Sa kanya namamalagi ang tumutu-
pad sa kanyang mga utos at siya sa
kanya. At sa Espiritung kaloob niya sa
atin, nalalaman natin na namamalagi siya
sa atin.

**4** • 1 Mga minamahal, manalig hindi sa
lahat ng espiritu kundi subukin ang
mga espiritu kung mula sa Diyos ang mga
ito pagkat maraming bulaang propeta ang
naglabasan sa mundo.
2 Ganito n'yo makikilala ang Espiritu ng
Diyos: mula sa Diyos ang bawat espiri-
tung kumikilala kay Jesus na Kristo na
dumating at naging laman. 3 Hindi naman
mula sa Diyos ang bawat espiritung di

---

*Hinahatulan man tayo ng puso, higit ang Diyos sa ating puso.* Sinasabi ni Juan na ang Diyos lamang ang nakaaarok sa lalim ng tao. Higit niya tayong mahahatulan kaysa mahahatulan natin ang ating sarili, at ginagawa niya iyon nang may pag-ibig na hindi natin taglay. Kaya nga, hindi dapat na makadama tayo ng kapaitan dahil sa mga nagdaan nating pagkakamali, o mamuhay na balisa. Pagkatapos magkasala, nararapat nating tularan si Pedro, hindi si Judas.

*Maniwala tayo sa Pangalan* (23), na ang ibig sabihin, ay pagka-Diyos ni Kristo.

• **4.**1 Binigyang-diin ni Juan ang papel ng Espiritu Santo sa paggabay sa atin sa katotohanan, ngunit ngayon ay tinutukoy naman niya ang mga propeta na hindi nagpapatibay sa paniniwala ng mga apostol. Nakikita pa ang mga katulad na sigalot sa Iglesya sa kasalukuyan: may salungatan ng mga pinuno ng Iglesya at ng mga tumutuligsa sa kanilang mga gawa sa ngalan ng Espiritung nasa lahat ng mga Kristiyano. Kailangang liwanagin na walang taong inspirado ang makakayang magsalita laban sa patuloy na paniniwala ng Iglesya. Ngunit paano kung sinasalungat ang mga paraan ng pamumuhay o mga gawa ng pamayanan o ng mga namumuno sa Iglesya? Kailangan bang lagi nating tangkilikin ang mga namumuno? Dapat nating maalaala na bumubuo ang Iglesya ng malalayang tao. Hindi dapat kailanman sumunod nang pikitmata sa opinyon ng papa, o ng obispo o ng lalong nakararami. Pananagutan nating mag-isip para sa ating sarili at timbangin ang mga pangyayari ayon sa mga pamantayan ng Ebanghelyo.

Kung gayon, papanigan ba natin ang mga taong waring inaakay ng Espiritu? Ngunit ilan na ang mga taong inspirado na naniniwala sa kanilang sariling espiritu lang! Kung talagang inspirado sila ng Espiritu Santo, gaano man ang pagtuligsa nila sa dapat salungatin, hindi nila kailanman tatangkaing hatiin ang Iglesya. Maaari silang itakwil ng pamayanan, ngunit hindi sila ang may pananagutan sa pagkawasak. At nagtatakwil man sa kanila ang pamayanang lokal, hindi pa sila bumubukod sa pandaigdig na pakikipagkaisa ng Iglesya, na sa paglipas ng panahon, ay laging kumikilala sa mga propeta.

kumikilala kay Jesus; ito ang sa antikris-
to, na inyong narinig na dumarating at
ngayo'y nasa mundo na nga.
4 Kayo'y mula sa Diyos, mga munting
anak, at napagtagumpayan n'yo sila pag-
kat higit pa ang nasa inyo kaysa sa nasa
mundo.
5 Mula sila sa mundo kaya makamundo
ang kanilang pangungusap at pinakiking-
gan sila ng mundo.
6 Mula tayo sa Diyos tayo; pinakiking-
gan tayo ng nakakakilala sa Diyos. Hindi
tayo pinakikinggan ng hindi mula sa Di-
yos. Ganito natin nakikilala ang espiritu
ng katotohanan at ang espiritu ng kama-
lian.

**Diyos-Pagmamahal ang pinagmumulan ng pagmamahal**

• 7 Mga minamahal, magmahalan tayo
pagkat mula sa Diyos ang pagmamahal
at mula sa Diyos isinilang at nakakakilala
sa Diyos ang sinumang nagmamahal.
8 Hindi nakakakilala sa Diyos ang di
nagmamahal pagkat pagmamahal ang
Diyos.
9 Ganito ibinunyag sa piling natin ang
pagmamahal ng Diyos: sinugo ng Diyos
sa mundong ito ang kanyang bugtong na
Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa
pamamagitan niya.
10 Ganito ang pagmamahal: hindi tayo
ang nagmahal sa Diyos kundi una niya
tayong minahal at sinugo ang kanyang
Anak na haing bayad sa ating mga kasa-
lanan.
11 Mga minamahal, kung ganito tayo
minahal ng Diyos, ganito rin tayo dapat
magmahalan.
12 Kailanma'y walang sinumang naka-
kita sa Diyos ngunit kung nagmamahalan
tayo, namamalagi sa atin ang Diyos at sa
ati'y nagiging ganap ang kanyang pag-
mamahal.
13 Nalalaman natin na sa kanya tayo
namamalagi at siya sa atin pagkat ibini-
gay niya sa atin ang kanyang Espiritu.
14 At namasdan namin at pinatutuna-
yan na sinugo ng Ama ang Anak na Taga-
pagligtas ng mundo. 15 Sa sinumang ku-
mikilalang si Jesus ang Anak ng Diyos,
namamalagi sa kanya ang Diyos at siya
sa Diyos.
16 At nakilala naman namin at pinanali-
gan ang pagmamahal na meron ang Di-
yos sa atin. Pagmamahal ang Diyos at
ang namamalagi sa pagmamahal ay sa
Diyos namamalagi at namamalagi sa
kanya ang Diyos.
17 Sa ganito nagiging ganap sa atin ang
pagmamahal: sa pagiging panatag natin
sa araw ng paghuhukom pagkat kung ano
siya sa mundo, gayon din tayo.
18 Takot ay wala sa pagmamahal. Itina-
taboy ng ganap na pagmamahal ang ta-
kot pagkat saklaw ng parusa ang takot at

---

• 7. *Dito nagsisimula ang pangatlong bahagi ng liham: ang Diyos na Pag-ibig ang pinagmumulan ng pag-ibig at pananampalataya.*

*Ang Diyos ay pag-ibig* (8 at 16). Ang pinakamatayog na paghahayag, na likas sa paniniwalang Kristiyano. Nakababatid ang mga relihiyon sa isang Diyos na mabuti at mahabagin: walang ibang relihiyon ang nakaalam na pinagagalaw ng pag-ibig ang kabuuang likha, at ang Diyos-Pag-ibig ang bukal niyon.

Sa magandang tekstong ito, iginigiit ni Juan na hindi mahihiwalay ang pag-ibig sa Diyos sa pag-ibig sa ating kapatid. At bakit? *Dahil nagmumula sa Diyos ang pag-ibig* (7). Kung maiibig natin ang Diyos, iyon ay sapagkat *inibig muna tayo ng Diyos* (10); kung iniibig natin ang isa't isa, iyon ay sapagkat ipinaaabot sa atin ang pag-ibig ng Diyos (12).

Pinagsasama rin ni Juan ang pag-ibig ng Diyos at ang pananampalataya sa Diyos: unang paniwala ng Kristiyano ang "paniniwala" sa pag-ibig ng Diyos (16).

*Inibig muna niya tayo* (10): sa pamamagitan ng kanyang walang-hanggang katalagahan (Ef 1:4), ang pagsusugo sa kanyang Anak at ang sakripisyo nito (Roma 5:8). Kung totohanan tayong umiibig, hindi natin kailanman nadarama na mabuti ang ating mga gawa at nararapat tayong gantimpalaan. Ang alam lamang natin ay gumagalaw ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan natin.

Kaya may katwiran ang buhay ng mga inihahandog ang kanilang sarili upang maglingkod sa mga pinababayaan, mga maysakit, matatanda, mga hindi na makabuluhan sa lipunan. At gayundin ang buhay ng mga inihahandog ang kanilang sarili para sa lalong matalik na pag-ibig ng Diyos.

di pa nagiging ganap ang pagmamahal ng
natatakot.
19 Kaya nagmamahal kami pagkat una
niya tayong minahal.
20 Kung may nagsasabing "Mahal ko
ang Diyos" at napopoot naman sa kan-
yang kapatid, sinungaling siya. Kung hin-
di niya minamahal ang kanyang kapatid
na kanyang nakikita, paano niya mama-
halin ang Diyos na di niya nakikita?
21 Ito ang utos na tinanggap natin sa
kanya: mahalin din ng nagmamahal sa
Diyos ang kanyang kapatid.

**5** • 1 Isinilang mula sa Diyos sinumang
nananalig na si Jesus ang Kristo at
mahal ng nagmamahal sa nagsisilang ang
kanyang isinisilang. 2 Ganito natin
nalalaman na mahal natin ang mga anak
ng Diyos: kapag mahal natin ang Diyos at
ginagawa natin ang kanyang mga utos.
3 Dahil ito nga ang pagmamahal sa Di-
yos: ang tuparin natin ang kanyang mga
utos at hindi mabigat ang kanyang mga
utos.
4 Pagkat napagtatagumpayan ng ta-
nang isinilang mula sa Diyos ang mundo
at ito ang tagumpay na mundo'y napagta-
gumpayan – ang pananalig natin. 5 Na-
pagtatagumpayan nino ang mundo? Di
ba't napagtatagumpayan lamang ang
mundo ng nananalig na si Jesus ang Anak
ng Diyos?
6 Ito ang dumating sa pamamagitan ng
tubig at dugo – si Jesucristo.
Hindi ng tubig lamang kundi ng tubig at
ng dugo.
At ang Espiritu ang nagpapatunay pag-
kat ang Espiritu ay ang katotohanan.
7 Pagkat tatlo ang nagpapatunay: 8 ang
Espiritu at ang tubig at ang dugo, at iisa
ang tatlo.
9 Kung tinatanggap natin ang patunay
ng mga tao, lalo pa ang patunay ng Diyos
pagkat pagpapatunay ito ng Diyos – ang
pagpapatunay niya tungkol sa kanyang
Anak. 10 Nasa nananalig sa Anak ng Diyos
ang pagpapatunay.
Ginagawa naman ng di nananalig sa
Diyos na sinungaling siya pagkat hindi
niya pinanaligan ang pagpapatunay na
ipinagpatunay ng Diyos tungkol sa kan-
yang Anak.
11 At ito ang pagpapatunay: ibinigay sa
atin ng Diyos ang buhay na magpakailan-
man at nasa kanyang Anak ang buhay na

---

• **5.1** Ang Diyos-Pag-ibig ang humihingi sa atin na manampalataya sa kanyang Anak, at ang pananampalataya ay isang tagumpay. Sinulat ni Juan ang aklat ng Pagbubunyag upang magbigay ng pag-asa sa mga pinag-uusig na mananampalataya, at ipinakikita sa kanila ang magiging tagumpay nilang kasama ni Kristo sa pagsampalataya nila. Inuulit iyon ni Juan sa ibang paraan.

Ang pinakadakilang tagumpay natin ang paglupig sa ating pamana bilang mga anak ng Diyos at marating ang buhay na walang-hanggan ng mismong Diyos. Nakakamit ng sumasampalataya ang Katotohanan, ang Diyos, sa pagtanggap kay Jesus.

*Paano natin malalamang mahal natin ang mga anak ng Diyos?* Sinabi na sa atin ni Juan: ang mga taong umiibig sa Diyos ay nagmamahal din sa kapwa. Gayunman, dito ay ipinahahayag iyon ni Juan sa kabaligtaran: nakikilala ang mga nagmamahal sa kanilang mga kapatid sa pag-ibig nila sa Diyos.

Maraming bagay ang tinatawag na pag-ibig; maaaring may bahid ng pag-ibig sa bawat isa sa mga ito, maaaring may nakahihigit o ang iba naman ay kulang. Hindi maipagkakamali sa ibang pag-ibig ang pag-ibig ng Diyos sa atin at ang pag-ibig na ipinagkakaloob niya sa atin para sa ibang tao. Ang pag-ibig na sumisibol mula sa isang tunay na pakikipagkaisa sa Diyos ay hindi kahawig ng pag-ibig na sentimental, na bulag at salawahan. Sa halip, mabisa iyon: pinalalaya niyon ang iba at pinapapag-anyong Kristo tayo.

Binibigyang-diin ng mga talatang 6-9 ang tatlong karagdagang bahagi ng karanasang Kristiyano, na unang nakita kay Jesus mismo. Kinikilala iyon ni Juan sa tatlong salita:

– *tubig:* Tubig ang sagisag ng kalinisan at ng bagong buhay.

– *dugo:* Ang dugo ng pagpapakasakit, ang mahapding pagbabayad sa mga kasalanan, ang dugo ng mga martir.

– *espiritu:* Ang nagbibigay-buhay sa mga nagpapatotoo kay Kristo; ang kahanga-hangang pagkamalikhain ng mga tao at institusyon na nakaugat sa pananampalataya.

Ang tatlong ito ay patotoo kay Kristo at likas din sa kaligtasang Kristiyano. Madali nating makita na tinutukoy din ng mga ito ang tatlong sakramento ng Binyag, Eukaristiya at Kumpil.

ito. 12 Taglay ng nagtataglay sa Anak ang
buhay; hindi naman taglay ng di nagtatag-
lay sa Anak ng Diyos ang buhay.

**Mag-ingat sa mga huwad na diyos**

• 13 Isinulat ko sa inyo ang mga ito
upang malaman ninyo na may buhay na
magpakailanman kayong mga nananalig
sa Ngalan ng Anak ng Diyos.

14 At ito ang kapanatagang meron tayo
sa harap niya: kung hinihingi natin ang
anuman ayon sa kanyang kalooban,
pinakikinggan niya tayo. 15 At kung alam
natin na pinakikinggan niya tayo anuman
ang ating hinihingi, alam natin na nasa
atin na ang mga hinihingi natin sa kanya.

16 Kung nakikita ninuman na nagkaka-
sala ang kanyang kapatid sa kasalanang
di tungo sa kamatayan, dumalangin siya
at bibigyang-buhay niya siya – ang mga
nagkakasala siyempre na di tungo sa
kamatayan. May kasalanan namang tu-
ngo sa kamatayan; hindi tungkol dito ang
sinasabi kong idalangin niya. 17 Kasalanan
lahat ng kabaluktutan at may kasalanan
namang hindi tungo sa kamatayan.

18 Alam natin na di nagkakasala ang
tanang isinilang mula sa Diyos kundi inii-
ngatan sila ng sumilang mula sa Diyos at
hindi sila magagalaw ng Masama.

19 Alam natin na mula tayo sa Diyos at
nasa Masama naman ang buong mundo.

20 At alam natin na dumating ang Anak
ng Diyos at binigyan tayo ng pang-unawa
upang makilala natin ang totoo. At nasa
kanya tayo, na siyang totoo, sa Anak ni-
yang si Jesucristo. Siya ang totoong Di-
yos at buhay na magpakailanman.

21 Mga munting anak, mag-ingat kayo
sa mga huwad na diyos.

---

• 13. Sa pagwawakas, inuulit ni Juan ang sinabi na niya sa kabuuan ng liham: mahalagahin ninyong mga Kristiyano ang lahat ng sa inyo na. Huwag ninyong mamaliitin ang ginawa ninyong hakbang sa pagtang-gap kay Kristo. Magsaliksik at maghanap sa mga kayamanan na iniuukol sa inyo at matatagpuan sa "Kanya na umiibig sa atin" (Pag 1:5).

*Napasailalim ng Masama ang buong sanlibutan.* Tulad sa nabanggit na, inaangkin ng Diyos ang daigdig na ito. Gayunman, iyon ang pook ng pakiki-paglaban ng diyablo sa Diyos. Hindi niya ugali ang pumanig sa alinmang grupo, ateista o materyalista o anupaman, ngunit sa lahat ng dako ay ipinapalit niya sa mabubuting bagay ang mga *huwad na diyos* – maging sa mga taong nagpapanggap na mga lingkod ng Diyos.



# 2 SULAT NI JUAN

*Hinirang na Ginang:* sa ganitong paraan binabati ni Juan ang pamayanan ng hindi nakikilalang lunsod. Hinirang at banal ang Iglesya tulad din ng mga tao roon na hinirang at ang mga banal ng Diyos.

Inaanyayahan ni Juan ang mga tao na magkaroon ng matatag at mariing aktitud sa mga hindi tumatanggap sa pananampalataya ng mga apostol. Gayundin naman, ipinagugunita niya ang pangunahing kautusan para sa mga Kristiyano: pag-ibig.

Kay Kristo tayo umiibig sa patuloy na katapatan natin sa katotohanang ipinagkatiwala niya sa atin. Dapat tayong maglingkod sa mga taong nangangailangan ng buong katotohanan, at hindi lamang 'yong kasiya-siya sa mga tao ngayon.

1 Mula sa Matanda para sa hinirang na
Ginang at sa kanyang mga anak, na ma-
hal kong totoo, at hindi lamang ako kundi
pati ng lahat ng nakakakilala sa katoto-
hanan, 2 dahil sa katotohanang nama-
malagi sa atin at sasaatin magpakailan-
man.
3 Sumaatin ang kagandahang-loob,
awa at kapayapaan mula sa Diyos Ama at
mula kay Jesucristo, ang Anak ng Ama,
sa katotohanan at pagmamahal.
4 Labis akong nagagalak pagkat natag-
puan kong lumalakad sa katotohanan ang
ilan sa iyong mga anak ayon sa utos na
tinanggap natin sa Ama. 5 At ngayon, ipi-
nakikiusap ko sa iyo, Ginang – hindi ba-
gong utos ang isinusulat ko sa iyo kundi
ang nasa atin na sa simula pa – na mag-
mahalan tayo.
6 At ito ang pagmamahal: ang lumakad
tayo ayon sa kanyang mga utos. Ito naman
ang utos: ang lumakad kayo sa pagma-
mahal gaya ng narinig n'yo sa simula pa.
7 Maraming manlilinlang ang naglaba-
san sa mundo, ang mga di kumikilala kay
Jesus na Kristong dumating na laman.
Ang manlilinlang at ang antikristo ito.
8 Tingnan n'yo ang inyong sarili at baka
mawala ang inyong pinagtrabahuhan
kundi tanggapin sana ninyo ang buong
gantimpala. 9 Hindi taglay ng tanang su-
musugod at di namamalagi sa turo ni
Kristo ang Diyos. Ang namamalagi na-
man sa turo, taglay niya kapwa ang Ama
at ang Anak. 10 Kung may pumupunta sa
inyo at hindi dala ang turong ito, huwag
n'yo siyang patuluyin o batiin. 11 Ang pag-
bati sa kanya'y pakikiisa sa masama ni-
yang mga gawa.
12 Marami akong isusulat sa inyo ngunit
gusto kong huwag sa papel at tinta kundi
umaasa akong makapiling ninyo at mag-
usap nang harapan upang malubos ang
ating kagalakan.
13 Binabati ka ng mga anak ng hinirang
na kapatid mo.



# 3 SULAT NI JUAN

Sa mga Kristiyano na nakakakilala sa kanya, ang apostol na si Juan ay hindi si "San Juan," ngunit isang tao. Sa isang nagngangalang Diotrefes, na pinagkatiwalaan ni Juan ng isang pamayanan na hindi natin kilala, si Juan ay isang matandang lalaking nakayayamot. At upang higit siyang makapangyari sa simbahan, pinutol ni Diotrepes ang pakikipag-ugnayan.

Sa kabaligtaran naman, sa kanyang tatlong liham, tulad sa Ebanghelyo, binabanggit ni Juan ang "pakikipagkaisa" na nararapat mamayani sa mga Kristiyano. Alinmang simbahan o grupo ay kailangang manatiling bukas sa iba, at laging may pakikipag-ugnayan sa kanila. Iginiit din ni Pablo ang pananagutang ito: na tanggapin sa kanilang tahanan ang mga Kristiyanong nagmumula sa iba-ibang dako upang mapatibay ang bigkis ng pananampalataya.

1 Mula sa Matanda para sa pinakama-
mahal na Gayo, na mahal kong totoo.

3 Minamahal, dalangin kong sa lahat ng
bagay ay guminhawa ka at maging maigi
gaya ng paggihawa ng iyong kaluluwa.
3 Labis akong nagalak sa pagdating ng
mga kapatid at pagpapatunay sa pagiging
totoo ayon sa paglakad mo sa katotoha-
nan. 4 Wala akong higit na ikinagagalak
liban sa marinig kong sa katotohanan lu-
malakad ang aking mga anak.

5 Minamahal, matapat mong ginagawa
anumang tinatrabaho mo para sa mga
kapatid gayong mga dayuhan sila. 6 Pi-
natutunayan nila sa harap ng pamayanan
ang iyong pagmamahal. Maganda kung
mapapagpapatuloy mo sila sa paglalak-
bay na marapat sa Diyos. 7 Nang dahil sa
Pangalan, naglakbay sila nang walang ti-
natanggap sa mga pagano. 8 Dapat na-
ting patuluyin ang gayong mga tao upang
maging mga kabayani tayo ng katoto-
hanan.

9 May isinulat ako sa Iglesya ngunit hin-
di kami tinatanggap ni Diotrefes na siyang
ibig manguna sa kanila. 10 Kaya sa
pagdating ko, tatandaan ko ang kanyang
mga ginagawa, ang masasamang salita
na ipinagsasasabi niya laban sa amin. At
di pa sapat sa kanya ang mga ito, hindi rin
niya tinatanggap ang mga kapatid at hi-
nahadlangan pa ang mga may gusto at
pinalalayas sa Iglesya.

11 Minamahal, huwag tularan ang ma-
sama kundi ang mabuti. Mula sa Diyos
ang gumagawa ng mabuti; hindi naman
nakikita ng gumagawa ng masama ang
Diyos. 12 Kay Demetrio, lahat ay nagpapa-
tunay sa kanya, pati ang katotohanan
mismo. At nagpapatunay rin kami at alam
mong totoo ang aming pagpapatunay.
13 Marami akong isusulat sa iyo pero hindi
ko nais na isulat sa iyo sa tinta at panulat.
14 Umaasa akong makita ka kaagad at
harapan tayong mag-uusap.

Kapayapaan sa iyo. Binabati ka ng
mga kaibigan. Batiin mo rin para sa akin
bawat isa sa mga kaibigan.